# LIGHT READING
customer newsletter

**Marso/Abril 2008**


## Abril 22 ay Araw ng Mundo



Ito ang isang paraan ng pagpipista para sa Araw ng Mundo: Samahan ang 7,000 tagatangkilik ng City Light na pumili ng di naka-pipinsalang lakas o non-polluting power. Paano? Sa pamamagitan ng programang **Green Up**: Sa maliit na halaga ng dolyar sa bawat buwan ikaw ay maaaring bumili ng mapagkukunan ng bagong nababagong enerhiya gaya ng hangin at solar, katumbas ng 25, 50, 100 porsiyento o mahigit sa iyong pangangailangan sa enerhiya. Maaari kang mag-enroll online sa **http://www.greenupseattle.org**. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang Web site na ito o tumawag sa **(206) 684-8822**. Mayroong tagapagsalin ng salita mula 7:30 ng umaga hanggang 6:00 ng hapon, mula Lunes hanggang Biyernes.

Mayroong espesyal na handog sa mga tagatangkilik: Sumali sa aming **programang Green Up** ngayon na may *isang taong commitment* at amin kayong padadalhan ng organic THEO Chocolate bar at dalawa-para-sa-isang admission coupon para sa tour ng THEO Chocolate factory. Ang kasalukuyang tagatangkilik ng **Green Up** ay maaaring palakihin ang kanilang kontribusyon at makatanggap ng regalo. Ang espesyal na handog ay simula Marso 2008 at magpapatuloy hanggang mayroong produktong maipapamahagi.

Ang THEO Chocolate (http://www.theochocolate.com) ay kompanyang base sa Seattle na gumagawa ng organic na tsokolate Ang kanilang tour ay may kasamang libreng sample ng tsokolate, impormasyon kung saan nagmula ang cacao at iba pa.

Para sa simpleng pagbabago na maisasagawa sa iyong buhay upang protektahan ang klima para sa ating lahat at para sa darating nga henerasyon, bisitahin ang http://www.seattlecan.org.

Seattle Climate Action NOW

**Panahon na bang i-recycle ang iyong refrigerator?**

Walang silbing itago ang iyong mga lumang appliances sa iyong garahe o sa ilalim ng iyong bahay kung iyong iisiping ang mga ito ay gumagamit ng apat na beses na enerhiya kumpara sa mga bagong modelo. Ang City Light ay programang mayroong recycling na makatutulong sa iyo: Aming kukunin ang iyong lumang refrigerators o freezers ng libre at bibigyan pa namin kayo ng $30 rebate. Sa pamamagitan nito, maaari kang makatipid ng hanggang $150 sa isang taong gastos sa elektrisidad habang lumalaban sa global warming.

Ang handog na ito ay para sa tagatangkilik ng City Light at ito ay limitado sa refrigerators at freezers na gumagana pa, mula 10 hanggang 27 cubic feet na sukat. Para sa detalyadong impormasyon bisitahin ang http://www.seattle.gov/light/conserve/resident. Para sa impormasyon o mag-iskedyul ng pagkuha, tumawag sa telepono **1-877-577-0510**.

**Ang Kampanya para sa Spring Clean ay Magsisimula April 5**

Ang kampanya para sa Seattle's Spring Clean ay magbubuklod sa mga tao upang magtrabaho sa mga proyektong makapagpapaganda ng pang-publikong lugar halimbawa, weeding, pagpulot ng kalat at pagtanggal ng graffiti. Ang mga sasali ay maaaring makatanggap ng libreng resources mula sa Seattle Public Utilities gaya ng serbisyo ng pagkuha ng basura, gloves, safety vests at iba pa. Para sa iba pang karagdagang impormasyon tumawag sa **(206) 233-7187** o bisitahin ang http://www.seattle.gov/util at hanapin ang "Spring Clean.